## Kabanata 24:
## ANG IBA PANG TAGAPAGTANGGOL

HAPON NA NANG makauwi sina Iska at Kenneth sa bahay. Nabigla sila sa nasaksihan. Wasak ang pinto. Magulo ang mga gamit sa loob ng bahay. Magulo rin ang hardin ng kaniyang lola sa labas. Sira-sira din ang bakuran. Tipong sinugod ng isang batalyon na hayop o kakaibang nilalang. Nagkalat ang halaman na tila paulit-ulit na tinapakan.

Agad silang tumakbo papuntang kusina. Nakahinga si Iska nang maluwag nang makita niya ang buong pamilya roon. Subalit, walang malay rin ang kanilang Lola Da na nakahiga sa kanilang upuan sa sala. May ilang kalmot din ito na mukhang dahil sa matulis na bagay. Agad na lumapit sina Iska at Kenneth sa matanda na inaalagaan naman ni Mommy Jo.

"Anong nangyari?" tanong ni Iska.

Nililinis ni Mommy Jo ang sugat ni Lola Da. Ang kaniyang Tiya Ela naman ay nag-aayos ng mga nagulong gamit sa kusina at sala. Aligaga ang lahat.

"May nagpanggap na isang matandang nanghihingi ng halamang gamot kay Lola pag-uwi niya galing simbahan. Nang harapin ito ni Lola, bigla siyang nawalan ng malay. Mabuti naman at nakauwi agad si Ela at nasabi agad sa akin. Muli na naman tayong sinalakay ng mga nilalang mula Huklob." Nag-aalalang sabi ni Mommy Jo.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 172 11/20/2024 8:07:46 AM

Dismayado rin siya na parang walang ibang pakiramdam kundi ang kawalan ng pag-asa. Akala rin nito ay magiging normal na ang lahat kung maibabalik ang kampana, at mawawala ang Bakunawa.

“Hindi talaga tayo titigilan ni Hukluban,” paghihinala ni Mommy Jo.

“Sino?” tanong ni Iska. Napahalukipkip ito. Ganoon din si Kenneth. Wala silang ibang maisip na dahilan para biglang sugurin ang bahay nila.

“Siya ang lider ng mga nasa Huklob. Hindi pa malinaw ang ibang detalye pero sigurado kaming may gagawin na naman itong masama laban sa Hiwaga. Hindi talaga siya titigil hangga’t hindi siya nagtatagumpay,” dagdag pa ni Mommy Jo.

Naaalala ni Iska kung sino si Hukluban. Ito ang matandang babaeng tumahi ng toga nila at nagpanggap na mortal.

“Sinisimulan na nila ang pagkilos laban sa Hiwaga. Hindi magtatagal, laban sa Hiraya. Sigurado akong nagpapalakas na sila.”

“Bakit naman nila gagawin ’yon?”

“Pakiramdam nila ay matagal na silang pinagkaitan ng karapatan ng mga diyos at diwata sa Hiraya. Hindi nila maramdaman ang presensiya ng Bathala. Kaya ang iba pang nilalang sa Huklob ay dahan-dahang nag-aaklas upang makamit nila ang paglaya na matagal na nilang inaasam.

Hindi lang pala sa tunay na buhay may ganitong klase ng away ng lakas, at kapangyarihan. Nangyayari din pala ito sa mga kakaibang nilalang sa iba’t ibang mundo. Hindi pa mawari ni Iska kung gaano karami ang mga nilalang na makakalaban nila pero isa lang ang sigurado niya, hindi pa sapat ang kanilang kakayahan upang labanan ito.

“Nagkataon lang na matanda na ang Bakunawa kaya natalo natin ito. Subalit, hindi pa natin alam ang susunod na mga nilalang na sumama sa panig ng Hukluban.”

“Bakit parang nananahimik ang Bathala?” tanong ni Kenneth. “Hindi ba siya ang pinakamalakas? Bakit hindi niya subuking ayusin ang lahat?”

“Siya ang pinakamalakas, siya ang lumikha sa mga nilalang. Kaya mas nahihirapan siyang puksain ang mga ito. Hindi rin natin alam kung hanggang saan ang kayang abutin ng galit at kapangyarihan ng Bathala. Mas mabuti na ngang manahimik muna ito. Kapag siya ang lumaban, tiyak maiipit tayong mga nasa Hiwaga,” paliwanag ni Mommy Jo.

Napabuntong-hininga si Iska. Silang mga taga-Hiwaga pala talaga ang mapupuruhan kung sakaling mag-alsa at makipaglaban ang mga taga-Huklob. Anong gagawin nila? Kaunti lang naman sila.

“Ano’ng mabuting gawin?” tanong ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 173 11/20/2024 8:07:46 AM

“Kailangang hanapin ang iba pang gaya mo na tagapagtanggol, Iska,” sabat ni Kenneth.

“At nasaan sila?” pagtataka nito.

“Nasa paligid lang natin.” Kumindat si Kenneth na akala mo ay alam na alam na ang pupuntahan upang mahanap ang iba pang kagaya nila—mga kalahating anak ng diyos at mortal.

NAGPAIWAN si Iska sa hardin ng kaniyang lola sa tapat ng kanilang bahay. Hawak niya ang kaniyang kuwintas. Tiningnan niya ang mga palad na siyang tumalo sa Bakunawa. Sana kayanin niya pa ang mga susunod pang laban.

Napatingin si Iska sa buwan. Napakaliwanag nito. Ito ang nagbibigay ng liwanag sa napakadilim na kalangitan sa pagsapit ng gabi. Napansin ni Iska na mas nakikita ang mga bituin sa Antipolo. Si Kiko naman ay nasa balikat niya, naiidlip.

Huminga siya nang malalim. Binalikan ang mga nakaraang araw. Binalikan niya kung paano niya nakilala ang iba’t ibang nilalang at kung paanong nakita niya ang kampana. Sa katahimikang ito, bumabalik ang mga alaala niya sa Maynila.

Bagaman nalaman na niya ang ilang katotohanan sa buhay niya, lalong nadagdagan ang mga tanong sa kaniyang isipan. Marami pa silang kahaharapin sa Antipolo.

Sa pag-iisa ni Iska, dumating si Mommy Jo. Umupo ito sa tabi niya.

“Hindi ka pa ba matutulog?”

“May iniisip lang po.”

“Sorry, Iska. Alam kong mahirap ipaliwanag ang mga bagay-bagay. Ang pinagmulan natin. Ang lahi natin. Ang pamilya natin. Pero sana maisip mo, na kahit anong katotohanan pa ang malaman mo, ako pa rin ito. Ang tinatawag mong Mommy Jo.”

Pagkasabi nito niyakap siya ni Mommy Jo. Yumakap din siya nang mahigpit dito. Minsan, hindi na kailangang magsalita para maiparamdam ang pagmamahal. Sapat na ang simpleng yakap, pagngiti, at pang-unawa.

“Pangako ko sa ’yo, Iska, mula ngayon, pababayaan na kitang magdesisyon pero hindi ka namin pababayaan. Mas bibigyan na kita ng kalayaan.”

“Okay lang po,” tugon ng dalaga.

“Hindi ka pa ba talaga matutulog?” tanong ni Mommy Jo.

“Hindi pa po,” pagkasabi niya nito, hinalikan na siya sa noo ni Mommy Jo.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 174 11/20/2024 8:07:46 AM

Naiwan pa rin si Iska sa labas. Sapat na ang simoy ng hangin sa Antipolo para makapag-isip-isip siya. Habang nakatingin sa madilim na kalangitan, naaninag niya ang iba't ibang malalaking ibon. Kamukha ito ni Sinag!

Kung hindi siya nagkakamali, pito lahat ang ibon na nakita niya. Ramdam ni Iska na ang mga ibon na iyon ay gaya ng kaniyang ibon na si Sinag. Pero, kanino ang mga ibon na iyon? Sino ang nakatuntong sa likod ng naglalakihang ibon na iyon.

Sumipol si Iska. Lumabas agad si Sinag mula sa himpapawid. Malakas at malamig ang hanging dala nito. Muling tumapak si Iska sa likod ni Sinag. Ngunit, bago pa tuluyang makalipad at makaangat si Sinag, hinarang siya ni Kenneth.

"At aalis ka na naman nang hindi ako isinasama?" masigasig na tanong ni Kenneth.

"May nakita akong kagaya ni Sinag. Balak kong sundan. Ano, sasama ka ba?" yaya ni Iska.

Hindi na nagdalawang-isip si Kenneth. Tumapak din siya sa mga pakpak ni Sinag at sumakay sa likod nito. Magkasabay silang lumipad ni Iska pataas. Mabilis na lumipad si Sinag sa utos ni Iska. Kasama ni Iska si Kenneth na babaybayin ang daan upang hanapin ang iba pang gaya niya. Sa bawat pagdampi ng hangin sa balat ni Iska, naramdaman niya ang pag-asa at lakas. Mula ngayon, hindi na niya mamaliitin ang sariling kakayahan. Mula ngayon, sisimulan na niyang maging liwanag sa iba. Bagaman marami pa siyang dapat malaman at matutunan, naniniwala siya na sipag, tiyaga, at tiwala sa sarili ang susi sa tagumpay.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 175 11/20/2024 8:07:46 AM